PAG-AANI GAMIT ANG RICE COMBINE HARVESTER

Ginagapas ang palay, ginigiik at nililinis ang mga butil, at isinasako ang mga malinis na butil habang ang makina ay patuloy na umaandar sa palayan. Ang makinang ito ay pamalit sa gawain ng rice reaper at stationary thresher at tinatanggal ang nakakapagod na pag-iipon ng inaning palay bago ang paggigiik.

Gamit ang rice combine harvester, mababawasan ang pagkalugas o pagkatapon ng mga butil na sanhi ng manu-manong paghawak at paghakot. Kayang gawin ng 2 tao ang pag-aani, paggigiik, at pagsasako.

May ilang bentahe ang paggamit ng combine. Una, hindi kailangan ng maraming tao sa paggamit nito. Nakatutulong ito lalo na sa mga lugar na wala o kulang ng mga manggagapas.

Kung may badya ng masamang panahon, maaari ring makapag-ani ng mabilisan. Pangalawa, mas kaunti ang natatapong palay kumpara sa manu-manong paggapas sapagkat hindi na kailangan pang dalhin ang mga nagapas sa kinaroroonan ng thresher.

Ang presyo nito ay nagmumula sa P600,000 - P2M, depende sa kapasidad.

PAG-AANI GAMIT ANG RICE COMBINE HARVESTER

Mga paalala

1. Linisin ang bawat parte ng combine harvester tulad ng header, mga conveyor (chain at auger), thresher, at cleaner upang maiwasang mahaluan ng ibang binhi ang inaning palay lalo na kung pang-binhi ang mga ito.

2. Siguraduhing nasa maayos na kondisyon ang combine harvester. Walang maluwag na turnilyo at mga koreya na nakakabit sa mga pulya. Dapat may langis o grasa ang mga bearing, kadena, at iba pang mga umiikot na piyesa.

3. Siguraduhing sapat ang langis at tubig (o coolant) ng makina.

4. Upang maiwasan ang aberya at pagkatapon ng palay, siguraduhing may sapat na gasolina o krudo. Dapat ding may sapat na dami ng malinis at tuyong sako na paglalagyan ng palay.

5. Inspeksyunin ang bukid kung walang mga nakatulos na patpat o kung anumang mga bagay na pwedeng makasira sa harvester.

6. Gapasin muna ng lingkaw ang mga palay na nasa bungad ng paglulusungan upang maiwasang magulungan ang mga ito. Gapasin ito ng pa-kwadrado na naayon sa lapad ng header.

7. Magpatakbo lamang ng naaayon sa rekomendadong bilis. Kung madumi ang naisasako o maraming naitatapong palay ang cleaner, maaring i-adjust ang pasukan ng hangin ng blower. Gawin ito hanggang makuha ang tamang adjustment.

8. Iwasang ilapag ang naisakong palay sa matutubig at mapuputik na lugar.

Sinuri ni: Dr. Caesar Joventino . Tado at Engr. Dexter P. Ona, Rice Engineering and Mechanization Division, Philipppine Rice Research Institute

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.

creative commons